# 'Kuya Center' na kakalinga sa sa 'palaboy' sa QC, pararamihin

Tatlong mga lugar sa Quezon City ang kakikitaan ng may pinakamataas na bilang ng mga batang kalye o palaboy sa sampung mga lugar sa Metro Manila.

Ito ay batay sa rekord ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) noong 2015. Ang may 1.08 milyong taga-Quezon City naman ay pawang kabataan na may edad 19-anyos pababa batay sa rekord noong 2010.

Ayon sa DSWD, ang tatlong lugar sa QC na may pinakamaraming batang kalye ay matatagpuan sa Kalayaan Road, E. Rodriguez at Quezon Avenue.

Dahil dito, inihayag ni QC Vice Mayor Joy Belmonte na magpapatayo siya ng care center sa mga batang kalye tulad ng kasalukuyang 'Kuya Center for Street Children' (KCSC), isang non-profit organization na may 27 taon nang nangangalaga ng mga batang kalye na nasa Cubao sa QC.

"Isa sa aking layunin kung bakit ako pumunta rito ay gusto kong magtayo ng isang center katulad nito para sa mga batang katulad ninyo, nais naming alamin kung paano palalawakin ang programang katulad ng 'Kuya Center' para sa mas maraming kabataan sa QC ang matutulungan", sabi ni Belmonte nang bisitahin ang naturang center.

Sa ngayon, wala pang pasilidad ang QC government na nangangalaga sa mga batang kalye. Ang mga batang kalye ay itina-turn over lamang sa mga barangay at saka ilalagak sa DSWD.

Sa kanyang pagbisita sa center, ipinakita dito kay Belmonte ang "best practices" ng center upang matulungan ang mga kabataan na magbago gamit ang rehabilitation at counselling program para manumbalik sa kanilang mga pamilya at maging progresibong mamamayan sa lipunan. Mayron din itong skills training at livelihood center para turuan ang mga kabataan sa mga income generating skills upang huwag nang bumalik sa pamamalimos. *(Angie dela Cruz)*